Marlon Hacla

# Tatlong Tula

**Sayaw Sa Unang Araw Ng Pagkaligaw**

1

Sa bibig ng dalampasigan, namumulaklak ang amihan sa iyong
buhok. Kay sakit nitong matinding pagnanasang dinadampian
ng lungkot. Binitawan ng isang binibini ang kanyang kamison:
nagtangkang liparin ng isang puting multo ang buwan at pagdaka'y
bumagsak sa sarili nitong repleksiyon. Binibistay ang mga palay sa
bahay-kubo. Umuwi na ang asawang nangisda buong gabi at sa ilalim
ng palda ng kanyang minamahal nakatulog.

2

O ang tahimik na katanungan sa iyong mga mata. O ang lambak
na pinuno mo ng estatuwa. O ang kontinenteng itong inikot mo
upang gawan ng mapa. O ang ligalig ng mga araw at ang luwalhati
ng ibinasbas na tubig mula sa sapa. O ang espasyo sa ating pagitan
na naglalaho at nagbabalik nang paulit-ulit. O ang katawan mong
namatay at patuloy kong binubuhay sa gunita.

3

May nagbibilot ng papel sa harap ng salamin at ikinumpas ang kamay para sa salamangka. Kumalat ang gamot mula sa botelya. Nabanggit sa likod ng abaniko ang mga sumpa at dahan-dahang nalalaglag ang mga gintong dahon sa pag-akyat mo sa hagdan papunta sa kinatatayuan ng larawan ng iyong pamilya. Ito ang mukha mong iginuhit ng balisong sa dingding. Ito ang nangitim na tanso sa krimsong gabi. Narito ang sanga upang isulat nang isandaang beses ang pangalan mo sa tubig. Nanginginig ang manipis at mahaba mong damit. Sabihin mo sa akin na ang mga bagong baril ay hindi ginawa sa sarili kong bayan. Naroroon lamang ang aking kapatid sa maliit na bahay na hindi ko na makita. Ang tinapay ay kasing puti ng damit ng birheng nasasakdal sa dambana. Pagkatapos, papatayin ba natin ang bawat isa?

4

Patay ang direksiyon pakanluran. Ang paggiling, pagyanig, ang ruta ng mga pagano sa kaligtasan. Isang henerasyon ng mga sawi. May nag-iisang kalapating paikot-ikot sa kalabuan ng mga alon. Isang manghuhula ang naglalahad ng mga hindi tiyak na pangyayari. May paraisong hindi pa natin nabibisita. Kay bilis ng takbo ng tren at iginuguhit ng ulan ang kanyang mukha sa salamin ng bintana. Tigmak ang tanaw sa sulyap at pamamaalam. May madreng basang-basa at naglalakad sa parang. Nakakipkip ang kontrabando sa bulsa ng bata at kinukumbinse ang sarili na hindi niya ito ibibigay kahit pa pagbantaan siyang papatayin ang ina niyang kasalukuyang nananaginip tungkol sa isang lupaing hindi na nila maaaninag. Tumayo sa araw at namnamin ang ating kabanalan. Hinahalikan ng mga damuhan ang ating talampakan. Ang karera ng mga kabayo ay walang katapusan. Wala itong pahintulot mula sa may-ari ng daan.

Hindi ito makadaragdag kailanman sa pag-unawa natin sa mga nagawa nating kamunduhan.

5

Tingnan mo ang mga baka. Pakinggan mo ang kanilang pagsamo. Pinipilas sa ating pagmumuni-muni ang repleksiyon ng lawa. May mga kaluskos sa tangway at tila inihalo sa mga halaman ang mga halinghing mo sa kuwarto. Hindi maaaring sabihin ang pangalan ng bagay na ito. Nagbabalatkayo. May labi ng isang tanglaw na hindi na ipinasok sapagkat sinusukol na natin ang kailanman. Ano ang palugit para sa nabubuwal? Tanong ng huklubang nangangaral. Ilang mga karaniwang pagpapahiwatig ang kailangan upang ang huling libong taon ay matapos na. Kahit na nabuhol na parang laso ang mga ruta. Unti-unti mong ibigay ang iyong atensiyon. Saksihan ang dalita ng bawat isa.

6

Sa kalye, may nagdarasal. Hindi marinig ang pagbigkas. Ano ang tono ng salmo ng paglimot? Ano ang mga salitang isasaliw natin sa arpeggio? Bakante ang mga tala. Matiwasay ang mga ngiti sa mga mukha. Sa pag-aaral ng anyo ng katotohanan, nakadamit ng putik at damo ang ating mga itsura. Ilang mata sa malayo ang nakatanaw sa nakalipas. Ang kinalalabasan ng ating mga panalangin ay kadalasang nababaligtad. Naglalayag papunta sa mga patay na hindi malinaw kung saan nagpunta. Isang kaisipan ng mga anghel at ng mga tupa. Isang disyerto kung saan kumapal ang isang puno upang bigyan ka ng dahilan upang tulugan ang iyong paglalakad. Ang lahat ng araw na inaawitan ng isang makinilya. Binuksan ang likod ng isang sasakyan at hinayaang dumaloy ang mga balita. Matigil nawa ang ating pagdurusa.

7

Ano ang nangyari sa pagsubok nating maging mamamayan ng ibang mundo? Kay bigat dalahin ang musika at tula ng totoong karunungan. May misteryo ang mga gawa-gawa nating kuwento. Tila may nais tuldukan. Tulad ng pagsagpang ng isang halimaw. Tulad ng pag-iwan sa katawan.

8

Sa katapusan, matututuhan natin ang lahat, kahit na ang kamatayan. Ito ang gabi ng apoy at paghihintay. Suwagin sa pagtulog sa banig ang ating mga bagabag. Sa paliwanag mo, ito ay tulad ng isang sandaling pagkadulas sa kasalanan. Haplit ng pagbagsak, pag-iwan, at pagkabalisa. Para sa mga araw na wala tayong makain kundi mga hilaw na prutas. Ang lasa ng dugo sa ating dila. Isa ba itong paraan upang ipahayag ang iyong presensiya? Ngayon, napipilitan tayong pumikit dahil sa ningas. May nagpapahayag ng bagong misteryo. Ilayo sa leeg niya ang kutsilyo. Hayaang sabihin niya ang panata. Sabihin mong kailanman, wala nang sisila sa sinumang naririto.

9

Isang namimilog na pakpak. Mula sa tanawin, dumadating ang mga tao pasan ang isang santo sa kanilang balikat. Sa isang sugalan, may tumataya, gamit ang kanyang tandang, para sa isang silid sa kalangitan. May nanghihimasok sa pagitan ng mga binti. Namumuti na ang buhok ng iyong minamahal. Siyam na raang taon na ang nakalilipas. Umiikot sa simbahan ang gulong ng kapalaran at kasalukuyang ikinakasal sa iyo ang katahimikan. Samantala, nananalanta sa ibayong lupain ang salot at digmaan.

10
Nakatayo sa linya ang mga dayuhan. Katapusan ang ipapangalan natin sa panahong ito. Kumuha ng maliit na sanga at silipin ang saloobin ng mga puno. Ang uhaw na pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga napapagal. Mula sa kakoponya ng mga ibon, mula sa pagbibilang ng mga talulot, biglaan ang pagsara ng pinto. Dinagdagan ang lilim at bumubuntunghininga ang lupa. Handa ba tayong ipaliwanag ang lahat ng ating naiwala? Namimighati ang pag-ikot ng isang ulupong sa katawan ng iyong asawa. Ipinapanganak ang hinala na nagpapanggap lamang tayo sa kainipan. Kinikilabutan sa ilalantad ng susunod na kabanata.

**Sayaw Sa Ikapitong Araw Ng Pagkaligaw**

1
Nagpunta ako sa gumawa ng siyudad. Pinasumpa sa pamamagitan ng mga pinilas na testimonya tungkol sa nangyaring sakuna. Sisikapin kong matandaan kung ano ang nasabing masama. Tungkol sa sisne at signet. Akala ko, ako'y naririnig mo sa isang dueto. Pagsamahin ang dalawa nating nakaraan sa kasalukuyan. Gawin natin itong lugar ng kapanganakan ng ating kaligayahan. Tatawagin kita tulad ng pagtawag sa pangalan ng isang naulila. Sumagot ka at awitan mo ako nang awitan.

2
Binabago ka ng dilim tulad ng pag-iingay ng maliliit na palaka sa tag-ulan. Higit sa ilog at luad. Tila hiyas ang iyong pangalan. Nasa loob tayo ng isang silid, gumagawa ng liyab. Natatastas sa hangin

ang iyong hininga. Nag-aagaw-dilim ang iyong hugis sa bawat oras at kay tigas pa rin ng iyong puso. Hindi ako magbibigay-daan sa iyo upang makipagtalo sa dapat nating hilingin. Nakasabit ang babala sa bakal na pinto. Isang tudling na abo. Huli na upang bawiin ang mga kasinungalingan. Huli na at hindi na ito tulad ng dati. Sa bulkan, pakiramdaman ang matatalim na pagkakahulog ng init. Iniuulat ng aking mga mata ang kulay ng langit. Ibinibigay ko sa iyo lahat. Gawin mo kung ano ang maaari.

3

Tiyak na ito ang daan. Minarkahan ng mga asul na numero ang paligid. Nakakandado ang mga veranda. Minsan silang nag-away-away, minsan silang lumago at nanagana. Ang hangin ay tapat sa kanilang panalangin. May mga sanggol na umiiyak sa pag-ulan ng mga bala sa mga kabahayan. Nanonood ang mga multo ng kababaihan sa mga patlang ng bakuran. May naghihilamos gamit ang liwanag ng buwan.

4

Mang-akit. Gayahin ang isang orkidyas. Maaari mong marinig ang tunog ng singsing sa kasal. *Ting ting*. Isang libong patong tumatawid sa daan. Isipin ang iba't ibang uri ng pagbuwag. Tulad ng guhong itinatapon sa dagat. Tunawin natin ang lahat sa tubig at asin. Hayaang maging maliliit na kristal.

5

Siya ay kakaiba na sa simula. Isang bagong sukat. Isang bagay na ginawa sa paningin. Perspektibang ganap na lampas sa isip. Ang blangko. Ang bituin na magtuturo sa atin sa hilaga. Kahit na ang kanyang pangalan ay nag-iwan sa kanya ng katanungan. Ngunit siya

ay naliligo sa ilang makalupang ilaw. Isang mainam ngunit walang kulay na ginawa ng kanyang laman. Katawang walang sangkap at walang isip. Pagkatapos ay nasira ang lahat ng bagay. Galit na galit. Tapos na. Sumakabilang-buhay na walang sustansiya. Tulad ng kanyang sarili. Isang kabibe. Ito ba ang kamatayan? At ang tanong na ito ay humihingal, humihingal, at humihingal pa. Tila kulang ang ating nakita.

6

Para sa mga bagong agnostiko, nakadaragdag sa paghihirap ang nakalipas na paniniwala. May isang salita para sa mga ito. Paano iinumin ang kintab na galing sa mga bituin? Siya ay dapat magising. Siya ay dapat ilantad at alisan ng sunod-sunod na kabiguan upang mahanap ang kanyang sarili. Muli. May dalang durog na bato ang mga darating. Kaya siya ay dapat na magsimulang muli. Kung siya ay magsisimula, ilang ulit? Kamakailan lamang, ang buhay ay hindi malinaw. Kinang ng ginto at pilak at ng mga bakal. Ang mga darating ay may dalang apuradong pakpak. At ang mga anghel sa itaas, hindi tayo higit sa mga ito. Ngunit higit sa milyon-milyong buwan at araw.

7

Lumulundag ang puso ko para sa mga nagbabagong-buhay na puta. Ang inilagay mong mensahe sa lobo ay dinadala na sa mga ulap. May nag-uusisa sa distansiya natin sa grasya. Malaki itong suliranin tulad ng mga sayaw na ipinataw bilang parusa sa pabalang nating pananalita. Paano natin malalaman ang ibig sabihin ng habang-panahon kung hindi man lang natin maipaliwanag ang maghapon. Ang sinasabi mo ay ginagaya na ng loro. Mas malakas pa ang hagikgik natin sa halakhak ng demonyo.

8

Bumalik ang binata sa baryo nang nag-iisa. Nalalasing ka na ba sa sonatang ito? Ang lahat ay kabaliwan na para sa akin, marahil, hanggang tanggapin mo ang mga kabaliwan kong ito. Sa bubungan, may mga kuliling sa leeg ang mga pusang nagtatalik. Sino ang magtatahi ng mga napunit na damit? Kung hindi naaayon ang iyong suot, hindi ka papapasukin sa langit.

9

Tulad ka ng isang alitaptap na pinakawalan sa gitna ng dagat. Puno na ang listahan ng mga bagay na hindi na mapapakinabangan. Pahiran mo ng asukal ang iyong katawan, humiga ka, at hintayin ang magliligtas sa iyo sa pagkawasak. May nagpapahiwatig sa balkonahe. Oras na upang maghanda tayo sa pagdating ng hukuman. Walang takot sa pag-ibig. Ang sakdal na pag-ibig ay nagpapalayas ng takot. Sapagkat ang takot ay may kaparusahan. At ang natatakot ay hindi pa pinasasakdal sa pag-ibig.

10

Nananalamin ang himpapawid. May kinuha ang sula-sula sa repleksiyon ng langit. Gusto ko sanang umuwi upang pakawalan ang mga langay-langayan at kalapati. Gusto ko sanang hipuin mo ang aking mukha habang sinasambit ang mga litanya ng pananabik. Sa iyo na bumibilang ng aking buhok, may ahas-dagat na kumagat sa aking paa. Kay ganda ng lahat ng iyong nilikha.

**Sayaw Sa Ikaapatnapung Araw Ng Pagkaligaw**

1
Nababalot ang kanyang ulo ng mga ugat ng herba buena. Nananahan sa kanyang dibdib ang mayang simbahan na walang masilungan. Bakasin sa mapa ang lungsod na ipinangalan sa Golgotha. Naroon tayo, kinakalap ang mga nalimutang salita para sa ligaya. Dilaw na dilaw ang bulaklak ng lagikway sa plorera. Nagbago na ba ang mga sangkap ng isang maligayang mundo? Halika, pindutin mo ang buton ng aking mga nasa. Atake ito sa puso tulad ng pagbagsak ng isang bomba. Kumakaway sa parke ang iyong ama upang sabihing tapos na ang oras ng paglalaro. Itinarak ang ilaw sa kanang mata at nakita ang hubog ng wakas. Wala na kaming ibang nais kundi ang mapalaya.

2
Nababaluktot sa pamamagitan ng hininga. Mga talulot tayo sa Abril. Mga labing burdado ng halik. Namumulaklak ang mga halaman para sa kuwaresma at maaga ang lambingan ng mga tinik. Pasyon ng mga palaka. Hawak ang mga sulo, may prusisyon ang mga alitaptap. Kakaiba ang init ng buwang ito. Gaya ng bagong putok na armas. Haplusin mo ang biyulin at hipuin na parang sugat. Tila dadapo ang lawin ng wakas sa iyong balikat.

3
Nakawala ang ritmo at hindi na ito masundan. Isang lumang kuwento. Ilatag mo ang sarong at pangalanan natin ang mga konstelasyon. Sa dulo ng hanggahan, dumadaan ang hangin sa iyong mukha. Mahusay ang iyong pananalita. Maaari mo bang kausapin ang Diyos? Itanong mo kung saang hardin tayo muling magsisimula.

4

Panoorin ang ibang bersiyon ng aking sarili sa iyo. May nagbabalik ng asukal sa garapon. Mula sa kama, lumalabas sa bintana ang higanteng apoy. Inilabas ko ang aking mga binti upang ipahaplos sa iyo. Ito ang mga araw na kailangan ng isang tao na tutugis sa mga kriminal na napapanood natin sa telebisyon. Hindi ba iniwan ka sa daang-bakal na ito? Isang pitsel na arnibal. Kahubdan mo at kahubdan ko sa gabing umuugong ang mga batuhan. Pumipintig ang orasan. Takluban natin ang buwan. May mga ibong naliligaw at nakikinig sa bakuran.

5

Lumikha ng isang bagay at tawagin mo itong tukso. Sa silid na ito, iisa lamang ang upuan. Wala nang mga bintana. Tanging ikaw at ako. Ang bestida mong lampas tuhod. Ang mga kamay mong nakaposas sa aking batok. Sa labas, nakahilera ang mga bahay at naghihintay ng paglampas ng ipuipo. Walang bibig ang mga halaman at sa halip na pagsigaw, mumunting pag-ugoy at pagwagayway ng mga dahon. May lilim sa ilalim ng iyong mga mata. Ilabas ang mga kabayo sa kuwadra. Ikinakasal ang mga tikbalang. Isulat ang mga pangyayaring ito sa isang estola. Tila tumatakbo ang mga daliri mo sa bisig ko. Pinapawisan ang iyong noo at sinisingil ako ng tingin ng iyong dibdib. Sasakupin kita. Hanapin sa diksiyonaryo ang pahina ng salitang kalupitan at saka punitin nang pinong-pino. Ideklara mong apokripal ang pag-ibig ko. Iguguhit kita nang hubo't hubad at saka kukulayan ng ginto.

6

Paikot-ikot sa bilangguang kuwadrado. Isulat bilang maliliit na patpat ang mga araw sa kuwaderno. Hanapin ang landas pabalik sa tahanang itinakwil mo. Ang sinulid na nagpapikit sa iyong sugat.

Ang sugat na hindi mo alam kung saan nagtatago. Lakbayin ng hipo ang sinulid na naglabas-masok sa balat mo. May alakdang nahinto sa iyong likod. Kumikiwal ang mga uod sa banig ng asin at humuhuni ang pipit sa balikat ng maestro. Pagod na ang mga instrumento sa paglalang ng mga hugis na kakatawan sa mga kalungkutan mo.

7

Ipaliwanag mo sa akin ang pag-ibig at ang dalamhati ng Diyos. Dumadaloy ang buhangin at dumudulog sa isang gabing duguan ang maghapon. Isang nasirang memorya ang agila sa langit. Itinitiklop ng isang lalaki ang kanyang mga daliri at nakuyom ng kamatayan ang tutubi. Dumadaloy mula sa bibig ng kalaguyo ang lason. Ang mga ulap ay naghuhugis sanggol. Ito ang tinatawag na pagmamahal at ang sugat na ito ang pagtataksil. Patay na ang mga waling-waling at tanging mga luad na paso ang naririto. *Hoo hoo hoo. Dum dum dum.* Awitin mo sa Diyos ang aking pagtatanggol.

8

Ang pagkibot ng balikat bilang senyas ng pagdating ng diktador. Nahulog sa pulang karpet ang telepono. Tila mga ligaw na langgam ang tumpok-tumpok na titik sa libro. Ito ay yugto sa kasaysayan kung saan nakasubo ang isang rosas sa iyong bibig at pinapanood ang pagdating at pagdaan sa iyong katawan ng daan-daang palaso. Unang parentesis: sepia ang isang larawan kung saan may bitbit kang armas. Nakayakap sa iyong dibdib ang sinturon ng bala. Para sa rebolusyon. Ikalawang parentesis: sa unang gabi ng engkuwentro, naghihingalo ka at nagpakita ang bisyon ng iyong minamahal na nag-iigib ng tubig sa balon ng kasalanan.

9

Bakit, sa tingin mo, ka namin inaaresto? Bumitaw ang tasa sa iyong kamay, kumalat ang tsaa sa sahig, umagos sa silong, at nagbalik sa daigdig. Nanghihina ang mga bombilya at animo'y binabasbasan tayo ng karbon at dilim. Heto ang silya. Ibibigay ko sa iyo ang buong magdamag upang ibuhos ang salaysay sa makinilya. Tila mga mumunting gusali ang mga tambak ng papel. Sunod-sunod ang pagbagsak ng mga eroplano sa silid. Higit pa ang kailangang boltahe. Sa maselang bahagi ng katawan, kalikutin ang pinagmumulan ng sakit. Mahalimuyak ang mga pangako ng propeta. Eksakto ang paglabas ng mga huling salita. Simulan ang iyong pag-amin. Siya ay dapat nang magising. Nangangailangan ng lagda ang mga prosa ng pagbitay sa plasa ng mga hari. Ito ang larawan niya noong siya ay binaril. Nakahilera ang mga kabaong sa bangin. Pagpalain nawa ng Diyos ang binubuo nating Babel.

10

Mahal na Araw. Kulog at kidlat. Ngayon, ikaw ang tubig. Bukas, ikaw ang pagsiklab. Ibilang mo ako sa mga anghel. Hintayin mo ako hanggang maaari. May nagpagulong ng bato sa libingan. Ibilang mo ako sa mga nadulas sa hagdan noong kumalat sa daan ang amoy ng pukyutan. Lumalapit kami. Wala na kaming sandalyas at damit. Ikubli nawa ang aming mga sala ng aming mga papuri.